Community Accelerator Grant
Pahayag sa Paggamit ng Demograpikong Datos

DEMOGRAPIKONG DATOS AT ARTSFUND

Nauunawaan ng ArtsFund na ang pagkolekta ng demograpikong datos mula sa iyong mga kawani at lupon ay puwedeng magdulot ng mga hamon sa logistics at personal, lalo na kung ang iyong organisasyon ay binubuo ng at/o nakasentro sa mga miyembro ng mga marginalized o naisasantabing komunidad. Ang proyekto ng pagtukoy sa pagkakakilanlan ay puwedeng maging komplikado, at kinikilala namin na bihira lang na naisasalamin sa mga demograpikong form ang pagiging masalimuot ng sanga-sangang karanasan sa buhay. Gusto naming maging ligtas para sa iyo at sa iyong komunidad ang pag-apply para sa grant na ito. Dahil dito, gusto naming magbahagi ng kaunting impormasyon kung bakit namin hinihiling ang datos na ito, kung paano ito ginagamit, at kung paano ito itinatabi.

BAKIT KAMI NAGTATANONG

Ang Community Accelerator Grant (Gawad na Pampatulin sa Komunidad) ay inilalaan upang paglingkuran ang sektor ng sining at kultura ng Washington sa kabuoan, at ang mga organisasyong pinangungunahan ng at naglilingkod sa Black, Indigenous, and other People of Color (BIPOC, Itim, Katutubo, at iba pang Taong may Kulay), mga taong Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, and Queer+ (LGBTQ+, Lesbiyana, Bakla, Bisexual, Transgender, Queer, at iba pa), mga taong may mga kapansanan, at mga taong matatagpuan sa mga lugar sa kanayunan – mga komunidad na madalas na pinakamalayo sa malakihang pagkakawanggawa – ay isasaalang-alang para sa pagsulong ng representasyon sa mga lugar na ito. Ang pagtatanong tungkol sa mga komunidad kung saan nakasentro ang iyong organisasyon at ang pagkolekta ng demograpikong datos tungkol sa iyong lupon at kawanihan ay nagbibigay-daan sa amin upang mas mahusay na maipatupad ang layuning ito at maipamahagi ang pondo nang may pag-iingat at hangaring nararapat para sa ganitong pamumuhunan. Hinihikayat ka namin na sagutin ang mga tanong na ito nang kompleto hangga't maaari.

PAANO ITO GINAGAMIT

Ang demograpikong datos na ibinibigay mo bilang bahagi ng iyong aplikasyon sa Community Accelerator Grant ay susuriin ng kawanihan ng ArtsFund. Pagkatapos, aalisin ang pagkakakilanlan ng mga aplikante sa datos at ibabahagi ito sa aming Panel na Tagapayo sa Komunidad, na isang grupo ng mga pinuno sa kultura at pagkakawanggawa na mula sa iba't ibang heyograpiya at demograpiko na pinagtipon-tipon nang may layuning tiyakin na nailalapit ang pagpapasya nang pinakamabuti sa mga komunidad hangga't

maaari. Kung pipiliin mong magbigay ng demograpikong datos, gagamitin ito bilang salik upang maisaalang-alang ang paggawad sa iyong organisasyon. Kung pipiliin mong sagutin ang mga tanong sa demokratikong datos ng “Hindi alam/hindi gustong sumagot,” hindi ka parurusahan, pero hindi gagamitin bilang salik ang mga benepisyo ng demograpikong representasyon upang maisaalang-alang ang paggawad sa iyo.

PAANO ITO ITINATABI

Itatabi ang datos sa iyong aplikasyon sa platform para sa aplikasyon sa grant ng ArtsFund, na Zengine ng WizeHive. Ang WizeHive ay mayroong matibay na hanay ng mga panseguridad na patakaran at pamamaraan, na nakamodelo sa NIST 800-53 na panseguridad na framework, sa katamtamang antas. Puwede mong alamin pa ang tungkol sa seguridad ng datos nila rito. Magtatabi rin ng backup ng datos sa secure na internal shared drive ng ArtsFund.

SINO ANG MAY ACCESS

May access sa datos ng aplikasyon ang kawanihan ng ArtsFund. Ibabahagi rin ang datos sa Paul G. Allen Family Foundation at sa kanilang katuwang sa ebalwasyon na The Giving Practice. Ang The Giving Practice ay may pananagutang i-evaluate ang tagumpay ng pagtutulungan ng ArtsFund at ng Paul G. Allen Family Foundation para sa Community Accelerator Grant, kung saan pangunahing tinatasa ang proseso ng pakikipagtulungan; pinalalawak ang estratehiya sa paglahok; at ine-evaluate ang epekto ng pondo.

Pinananatili ng ArtsFund ang datos ng aplikasyon bilang mahalagang kasangkapan sa pagsusubaybay sa mga pagbabago sa sektor ng sining at kultura sa pagdaan ng panahon, sa pagtukoy sa mga larangang may pinakamalaking pangangailangan, at sa pag-evaluate sa sarili naming epekto. Maaaring magbahagi ng raw na datos ng aplikasyon sa mga kinontrata ng ArtsFund bilang mga katuwang sa pananaliksik at ebalwasyon, alinsunod sa isang kasunduan sa pagiging kompidensiyal, sa hinaharap. Ang demograpikong datos ay maaaring ibahagi nang sama-sama sa mga komunikasyon tungkol sa programa ng grant na ito at gamitin bilang batayan ng mga grant sa hinaharap, pananaliksik na pag-aaral, at pagsisikap sa adbokasiya. Hindi kailanman ibabahagi ang demograpikong data ng mga indibidwal na organisasyon sa anupamang partido o ilalathala nang wala ng iyong pahintulot.